**Tagalog/ Ingles**

**Multilingual CatEducational**




Bawat pusa ay nangangailangan ng mabuting tahanan kung saan sila ay iginagalang at pinoprotektahan. Ang pag-spay at pag-neuter ng inyong pusa ay nakakatulong na panatilihing ligtas at malusog ang mga pusa sa ating komunidad. Nakakatulong din ito sa pagprotekta sa kanila laban sa mga abusadong tao.

Ang isang babaeng pusa na hinahayaang lumabas ng bahay ay nahaharap sa maraming panganib. Kabilang dito ang sexually transmitted diseases, at kumplikasyon sa panganganak sa kanilang mga kuting. Ang mga babaeng pusa na kadalasang naglalandi tuwing panahon ng tagsibol at tag-araw ay maaaring manganak ng maraming kuting kada taon. Sa kasamaang palad, ang kanilang mga kuting ay kadalasang walang matutuluyan at nakararanas ng pananakit mula sa mga abusadong tao. Karamihan din sa kanila ay nasasagasaan sa lansangan.

Sa kasalukuyan, dumarami ang mga pusang gala sa siyudad at sa kanayunan. Libu-libong pusang gala ang kinakailangang i-euthanise sa mga animal shelters sa ating Council. Wag nating hayaang magpatuloy ito. Ipa-spay ang inyong babaeng pusa. Ito ay maaaring gawin sa ligtas na pamamaraan sa kahit saang beterinaryo at ang pusa ay agarang gumagaling.

Ang pusang lalaki ay umiihi upang markahan ang kanilang teritoryo. Ang kanilang ihi ay masangsang at ito'y nangangahulugang napakahirap silang kapisan sa bahay. Madalas din silang makipag-away sa iba pang mga lalaking pusa na kadalasang nagdudulot ng impeksyon.

Ang pagpapa-neuter sa inyong lalaking pusa ay isang mabilis na operasyon na kayang gawin ng kahit sinong beterenaryo. Ang mga neutered na lalaking pusa ay hindi pala-away at hindi umiihi para markahan ang kanilang teritoryo. Dahil dito, sila ay mas malinis kung naninirahan sa loob ng inyong bahay at kadalasang mas malusog at mas mahaba ang buhay.

Ang pinakamabisang tulong na inyong magagawa para makatulong sa mga pusa sa lansangan ay ang pagpapa-spay o neuter sa inyong sariling pusa.

Ang inyong mga pusa ay dapat na nasa loob ng hardin o bahay sa araw at gabi. Mas madali silang alagaan sa loob ng bahay kung sila ay spayed o neutered. Mawawala ang kanilang pagiging agresibo at tumitigil sila sa paglalandi at pag-iingay sa gabi. Dahil dito, nangangahulugan ding mananatiling banayad ang inyong relasyon sa inyong mga kapitbahay.

Para sa karagdagang kaalaman:
National Desexing Network
www.ndn.org.au/

# Tagalog/English

## Multilingual CatEducational




Every cat should have a good home and be respected and protected. Spaying or neutering your cats helps keep cats safe and healthy in the community. It also protects them from persecution by abusive people.

An entire female cat who roams outside risks many dangers. These include infections, sexually transmitted diseases and complications when giving birth to kittens. Female cats go on heat frequently during spring and summer and can give birth to many kittens every year. Sadly, these kittens often end up homeless and subject to persecution by abusive people. Many are also seriously injured or killed by cars.

Currently there are rising numbers of homeless cats in the city and countryside. Thousands of lost or homeless cats are also euthanased in council pounds and shelters. Do not feed the cycle of overpopulation. Have your female cat spayed. The operation can be carried out safely by a veterinary clinic and female cats recover quickly.

An entire male cat will spray urine to mark his territory. His urine has a very strong, unpleasant odour, which means it is impossible to live with him inside the home. He will also fight with other male cats, which can result in painful, infected injuries.

It is only a minor operation to have your male cat neutered at a veterinary clinic. Neutered male cats will stop fighting and stop spraying urine, and they are much cleaner inside the home. They also live longer and have a better quality of life.

The best thing you can do to help end the suffering of cats on the streets is to have your female cat spayed and male cat neutered.

Moreover, cats should always be inside or in garden enclosures day and night. It is much easier to keep them safe inside at night when they are spayed or neutered. They will no longer have a strong desire to go outside to find another cat to mate with or make loud noises at night that keep people awake. This means it is also easier to live in harmony with your neighbours.

For further information go to:

National Desexing Network

http://www.ndn.org.au/

Tagalog Translation – Walter Robles
Translation Coordinator – Sara Kitaoji

©Multilingual CatEducational